

Seminary Registration

Mga opsiyon para sa seminary registration: (1) kumpletuhin ang form na ito o (2) mag-register online sa seminary.lds.org/register.

Paunawa: Kailangang isama ng mga estudyante sa released-time programs ang released time sa kanilang iskedyul sa paaralan.

Impormasyon tungkol sa estudyante Isulat lamang nang malinaw.

Pangalan (una, gitna, apelyido)		Gagamiting pangalan	Gustong wika
Kapanganakan (araw, buwan, taon)		Ward o branch	Stake o district
Kasarian ☐ Lalaki ☐ Babae	Relihiyon ☐ LDS ☐ Iba pa	Baitang sa paaralan sa susunod na taon	Dinadaluhang seminary at paaralang pinapasukan

Pangunahing Contact Information (Magulang o Tagapag-alaga)

Pangalan (pangalan, apelyido)		Email address	
Mailing address	Lungsod	Estado o probinsya	Postal code Bansa
Telepono sa bahay	Mobile phone	Telepono sa trabaho	
Text message number	Text message country	Gustong opsiyon sa pagkontak ☐ Bahay ☐ Trabaho ☐ Mobile ☐ Text ☐ Email ☐ Huwag kontakin	

Pangalawang Contact Information (Magulang o Tagapag-alaga)

Pangalan (pangalan, apelyido)		Email address	
Mailing address	Lungsod	Estado o probinsya	Postal code Bansa
Telepono sa bahay	Mobile phone	Telepono sa trabaho	
Text message number	Text message country	Gustong opsiyon sa pagkontak ☐ Bahay ☐ Trabaho ☐ Mobile ☐ Text ☐ Email ☐ Huwag kontakin	

Mga Lagda Ang paglagda sa registration form na ito ay nagpapahiwatig ng pagtanggap mo sa kasunduan sa ibaba.

Estudyante	Petsa
Magulang (o tagapag-alaga)	Petsa

Kasunduan

Pahintulot na Makibahagi sa Seminary

Ang pakikibahagi sa seminary ay isang pribilehiyo, at malugod ka naming tinatanggap. Ikaw at ang iyong anak (magkasamang tinutukoy na "kayo") ay sumasang-ayon at pumapayag na makibahagi sa mga talakayan, aktibidad, at klase sa seminary, pati na, kung mag-enrol kayo sa released-time seminary, sa isang period sa araw na may pasok sa paaralan. Sumasang-ayon kayong sumunod sa mga patakaran ng seminary (pati na sa kinakailangang regular na pagdalo sa oras sa mga klase) at sumasang-ayon din kayo na ang Seminaries and Institutes of Religion, isang departamento ng Corporation of the President of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, at ang kaanib nitong mga legal entity (magkakasamang tinutukoy na "kami") ay hindi mananagot sa anumang pinsalang idudulot ng hindi ninyo pagsunod sa mga patakarang ito.

Student Information Privacy Policy

Sumasang-ayon ka na maaari naming kolektahin at iproseso ang iyong personal na impormasyon mula sa form na ito at mula sa iyong membership record (kung ikaw ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw) para sa mga layuning may kaugnayan sa iyong pag-enrol at paglahok sa seminary at upang

tumugon sa mga tanong o problemang maaaring lumitaw habang ikaw ay nasa seminary. Nauunawaan mo na ang iyong personal na impormasyon ay maaaring ilipat sa headquarters ng Simbahan sa Estados Unidos, at pumapayag ka sa paglipat na ito, kung angkop. Ang iyong personal na impormasyon ay maaaring itago nang matagal bilang bahagi ng permanenteng rekord ng kasaysayan ng Simbahan. Hindi namin ibebenta ang impormasyon tungkol sa iyo kahit kailan. Gumagamit kami ng mga hakbang na teknikal at organisasyonal para protektahan ang personal na impormasyong natatanggap namin laban sa pagkawala, maling paggamit, at di-awtorisadong pag-iiba at para protektahan ang pagiging kumpidensyal nito.

Mga research study at survey: Kung pinalalahok ka sa isang research study o survey, nauunawaan mo na ang paglahok ay ganap na boluntaryo at na maaari kang umatras anumang oras. Anumang personal na impormasyong ibigay mo bilang bahagi ng isang research study (halimbawa, email address o mobile phone number) ay gagamitin lamang para makontak ka tungkol sa paglahok sa mga study o survey sa hinaharap. Maaari mong piliing huwag kang kontakin.

Release na Gamitin ang Larawan

Maaaring magkaroon kami ng pagkakataon na kunan ka ng video patungkol sa seminary. Ang malamang na paggamitan ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga aktibidad sa distance learning, teacher training, at mga larawan o video sa mga yearbook, fireside, bulletin board, website, o social media. Dahil dito, ia-assign at ipagkaka-loob mo sa amin nang walang-bawian ang karapatan at pahintulot na gamitin at—nang walang limitasyon sa oras, dami, wika, heograpiya, at/o medium (kabilang na ang media na hindi pa kilala ngayon at media sa hinaharap)—paramihin o gawan ng maraming kopya, ipamahagi, idisplay, gawin, likhain ang mga gawang hango roon, o bigyan ng sublicense ang anumang mga larawan o recording na ginawa tungkol sa iyo na may kaugnayan sa seminary. Pinahihintulutan mo kaming gamitin o irekord ang iyong pangalan, boses, larawan, anyo, at pagganap; interbyuhin ka at irekord ang interbyu sa iyo; at kopyahin, paramihin o gawan ng maraming kopya, iakma, i-edit, at ibuod ang anumang recording para magamit kung kailan namin ipasiya. Pinahihintulutan mo ang paggawa ng maraming kopya, pagbebenta, pag-copyright, pagtatanghal, pag-broadcast, electronic storage, at/o pamamahagi ng mga larawan o recording nang walang limitasyon, kung kailan namin ipasiya. Sa pamamagitan nito ay pinawawalan mo kami ng anuman at lahat ng pananagutan sa paggamit at paglalathala niyon, at inaalisan mo ng anumang karapatan ang iyong sarili na mabayaran para sa alinman sa mga nabanggit.

Patakaran sa Paggamit ng Internet at Online

Nagbibigay kami ng ilang electronic resources para makalahok ka sa seminary. Maaari kang magpasiya kung gagamitin mo ang resources na ito, ngunit kung gamitin mo nga ito, tinatanggap mo ang sumusunod na mga kundisyon:

Kapag may access ka sa internet gamit ang aming mga pasilidad, kagamitan, o wireless technology, maaari kaming mangalap ng impormasyon mula sa iyong web browser. Ang impormasyong ito ay maaaring kabilangan ng iyong IP address, browser type, operating system, at language preference; anumang referring web page na binibisita mo bago ka nakarating sa aming site; ang petsa at oras ng bawat pagbisita, at impormasyong hinahanap mo sa aming mga site. Gumagamit din kami ng cookies at malililaw na GIF para mangalap ng impormasyon online. Maaari mong baguhin ang iyong web browser setting para hindi ka makatanggap ng cookies o i-prompt ka bago mo tanggapin ang isang cookie mula sa mga site na binibisita mo. Gayunman, kung iko-configure mo ang iyong web browser setting para hindi ka makatanggap ng cookies o malililaw na GIF, baka hindi mo magamit ang ilang section o function ng aming mga site.

Ang mga website, software, content, server, at iba pang teknolohiya at materyal na ginagamit namin upang maihatid ang mga seminary program ("Seminary Tools") ay pagmamay-ari o lisensyado at pinapatakbo namin. Maaari naming i-monitor ang lahat ng komunikasyon (email, text message, social media, at iba pa) na ginagamit o nagaganap sa loob

ng Seminary Tools na di-angkop o ilegal ang content at maaari naming i-forward ang mga ito sa mga lider ng Simbahan o mga opisyal na nagpapatupad ng batas kung kailangan para protektahan ang mga interes ng mga estudyante at ng Simbahan. Payag ka sa pag-monitor at pag-forward na ito. Bagama't maaari naming i-monitor ang ilang komunikasyon, hindi namin kakayaning i-monitor ang lahat ng komunikasyon. Ang mga elektronikong komunikasyon ay hindi ligtas. Hindi namin magagarantiyahan na hindi ka malalantad sa di-kanais-nais na mga mensahe, materyal, virus, o iba pang malware. Ang mga mensaheng naglalaman ng di-angkop na content ay maaaring i-delete nang walang abiso na maaaring hindi maipadala sa dapat na tumanggap nito. Sumasang-ayon ka na hindi ka magpapadala o muling magpapadala ng anumang mensaheng malaswa, mapanirang-puri, ilegal, o nakamumuhi o labag o sumusuway sa mga karapatan ng iba. Ang Seminary Tools ay magagamit lamang para makipag-ugnayan sa iba pang mga estudyante, titser, at lider ng Simbahan tungkol sa mga paksa at pangyayaring may kaugnayan sa ebanghelyo. Hindi ka maaaring mag-download, mamahagi, o mag-post (halimbawa, sa YouTube o Facebook) ng anumang teksto, larawan, tunog, o video file mula sa Seminary Tools.

Hindi kami mananagot sa anumang mga pinsala (kabilang na ang nawalang data) sanhi ng iyong paggamit, o hindi paggamit, ng Seminary Tools o anumang mga materyal o mensaheng naroon o iba pang mga user o naka-link na mga site. Ang Seminary Tools ay inilaan nang "as is." Itinatatwa namin ang lahat ng hayag o nakapahiwatig na mga garantiya, pati na ang mga garantiya ng titulo, kakayahang ikalakal, at kaangkupan para sa isang partikular na layunin. Hindi namin ginagarantiyahan na ang functionality ng seminary tools ay hindi hihinto o walang mali, na itatama ang mga depekto, o na ang anumang website o server na ginagamit para maging available ang seminary tools ay walang mga virus o iba pang nakakasirang component.

Miscellaneous

Ikaw ang responsable sa pagsunod sa lahat ng batas at regulasyon sa inyong lugar, ngunit ang Kasunduang ito ay napapailalim sa mga batas ng Estado ng Utah, USA, nang hindi naaapektuhan ang mga tuntunin ng mga pagsalungat sa batas. Anumang legal na aksyon para maipatupad ang Kasunduang ito o na may kaugnayan sa seminary ay dadalhin sa mga hukumang estado o pederal na nasa Salt Lake County, Utah, USA, at sa pamamagitan nito ay pumapayag at nagpapailalim ka sa personal na hurisdiksyon ng mga hukumang iyon. Kung ilegal, walang-bisa, o hindi maipapatupad nang buo o ang ilan sa anumang kundisyon ng Kasunduang ito, ang natitirang mga kundisyon ay hindi maaapektuhan maliban kung ipasiya namin na ang kundisyong walang bisa o hindi maipapatupad ay mahalaga sa Kasunduan, kaya maaari naming amyendahan ang Kasunduan, kung ipapasiya namin.

Kung may mga tanong o problema ka tungkol sa Kasunduang ito, i-email lamang ang iyong mga problema sa siregistration@ldschurch.org, o kontakin ang inyong lokal na seminary administrator.